

PROGRAMA PARA SA PAGBABAYAD-PINSALA o RESTITUTION PROGRAM: Impormasyon para sa Mga Biktima



**BRITISH
COLUMBIA**

May makukuhang tulong kung sinusubukan mong maningil ng isang 'di pa nababayaranang kautusan sa pagbabayad-pinsala (restitution order)

Ano ang pagbabayad-pinsala o restitution?

Kung ang isang biktima ay nakakaranas ng kahirapang pinansyal bilang resulta ng isang krimen, siya ay may karapatang humiling ng pinansyal na kabayaran mula sa maysala na tinatawag na “bayad-pinsala.” Bilang bahagi ng sentensiya, ang isang hukom ay maaaring gumawa ng isang kautusan sa pagbabayad-pinsala, kung saan ang isang maysala ay kinakailangang magbayad ng kompensasyon sa biktima at pinahihintulutan ang biktima na magsampa ng reklamo sa hukumang sibil kung ang bayad-pinsala ay hindi binabayaran.

Ano ang Restitution Program?

Ang Restitution Program ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagbabayad-pinsala, kabilang ang kung paano mo makokolekta ang iyong 'di nababayaranang kautusan (unpaid order). Kung naaangkop, ang Restitution Program ay magbubukas ng isang file upang mapadali ang pagbabayad sa iyo ng maysala.

Sino ang maaaring mag-apply (o mai-refer) sa Restitution Program?

- ✓ May utang na pera ba sa iyo na 'di nababayaran mula sa isang kautusan sa pagbabayad-pinsala?
- ✓ Ang kautusan ba sa pagbabayad-pinsala ay inisyu sa isang adult criminal court sa probinsiya ng BC?

Kung sumagot ka ng “Oo” sa mga tanong na ito, maaari kang mag-apply sa Restitution Program gamit ang form sa likod ng polyetong ito na makukuha rin sa www.gov.bc.ca/victimrestitution. Kung hindi ka sigurado sa sagot sa mga tanong na ito, mangyaring kontakin ang Restitution Program. Tandaan: para sa ilang sitwasyon, maaaring kailangan ang pahintulot ng probation officer upang magbukas ng isang file para sa Restitution Program.

Ano ang magagawa ng Restitution Program?

- Nagtatrabaho kami upang mahikayat ang maysala sa programa at upang masunod niya ang pagbabayad-pinsala nang nasa oras.
- Tumatanggap kami ng buo o bahagi ng bayad-pinsala mula sa mga maysala (kabilang ang installments) at babayaran ka namin sa kanilang ngalan.
- Kami ang nagkakalkula ng mga halaga upang matiyak na tama ang proporsyon ng mga kabayaran sa bayad-pinsala kung maraming biktima.
- Kami ang makikipag-usap sa iyo ukol sa mga update sa kabayaran.

Ano ang mga benepisyo kung kalahok sa Restitution Program?

- Hindi na kailangang sumipot sa civil o criminal court kung kalahok ka sa Restitution Program.
- Hindi na kailangan makipag-ugnayan sa maysala.
- Ang paglahok ay makakatulong sa iyong makolekta mo ang utang na bayad-pinsala.

Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply?

Pagkatapos mong mag-apply sa Restitution Program:

Ika-1 hakbang: Susuriin namin ang iyong application upang matiyak namin na maaari naming mapadali ang pagbabayad-pinsala sa iyo.

Ika-2 hakbang: Kokontakin namin ang maysalang nakalista sa kautusan sa pagbabayad-pinsala at hihilingin namin silang lumahok sa Program.

Ika-3 hakbang: Kakausapin namin ang maysala ukol sa mga opsyon sa pagbabayad at hihikayatin namin silang sundin ang pinakamahusay na plano upang masunod ang kautusan.

Ika-4 na hakbang: Maaaring magsimula ang pagbabayad.

Ika-5 hakbang: Ipapadala namin sa inyo ang perang natanggap mula sa maysala at sa iba pang mga biktimang nakalista sa kautusan sa pagbabayad-pinsala.

Ika-6 na hakbang: Magbibigay kami sa inyo ng “Statements of Restitution Payment” upang masubaybayan ninyo ang progreso ng pagbabayad.

Patuloy naming isasaalang-alang ang kaligtasan ng lahat ng taong nakalista sa kautusan sa pagbabayad-pinsala.

Kung ikaw ay isang maysala na nagbabasa nito:

Inaanyayahan ka namin na kumpletohin ang application form na nasa likod ng brochure na ito o kontakin ang Restitution Program para sa karagdagang impormasyon.

Paano kung hindi ko kayang bayaran ang ipinagutos na pagbabayad-pinsala?

Mangyaring kontakin kami kahit na sa palagay mo ay kaya mong magbayad ngayon. Hinihikayat ng Restitution Program ang napapanahong pagsunod sa iniutos ng hukuman na pagbabayad-pinsala. Kinikilala namin na ang aming mga kliyente ay may iba't ibang mga pinansyal na obligasyon; isinasaalang-alang namin ang indibidwal na kakayahan kapag nakikipagtulungan para sa inyo upang magdibelop ng mga iskedyul ng pagbabayad na masusunod (hal., haba ng panahon upang makumpleto ang pagbabayad; halagang ibinayad bawat installment).

Paano kung ako ay nasa federal custody?

Kung ikaw ay nasa federal custody maaari mong gawin ang mga pagbabayad sa Restitution Program mula sa iyong institutional bank account. Maaari ka naming tulungan na magsimula.

Ano pa ang ibang ginagawa ng Restitution Program?

- Nagbibigay ng suporta at impormasyon sa mga biktimang 'di pa nakakakolekta ng bayad-pinsala;
- Tumutugon sa pangkalahatang mga katanungan tungkol sa kautusan sa pagbabayad-pinsala;
- Nagbibigay ng mga referral sa naaangkop na resources; at
- Nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagkolekta ng bayad-pinsala sa pamamagitan ng mga proseso ng hukumang sibil.

Paano ako makakaugnay sa Restitution Program?

Restitution Program

Ministry of Public Safety and Solicitor General

PO Box 5550 Station Terminal

Vancouver BC V6B 1H1

Lower Mainland, Telepono: 604-660-4898

Tumawag nang libre: 1-844-660-4898

Email: Restitution@gov.bc.ca

Fax: 604-660-5340

Website: www.gov.bc.ca/victimrestitution

To apply to the Restitution Program, please complete and sign this application form and return it to the address below. / Upang mag-apply sa Restitution Program, mangyaring kumpletuhin at pirmahan ang application form na ito at ipadala sa address sa ibaba.

The Restitution Program processes applications in English only. Please provide the following information in English. / Ang Programa para sa Pagbabayad-Pinsala o Restitution Program ay nagpoproseso ng mga aplikasyon sa wikang Ingles lamang. Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon sa Ingles..

Restitution Program Application Form / Restitution Program Application Form

Applicant Information / Impormasyon ukol sa Aplikante

Victim Name / Pangalan ng Biktima: _____ Date of Birth (YY-MM-DD) / Petsa ng Kapanganakan (YY-MM-DD): _____

Assigning a Victim Designate—Victims have the option of assigning a designate to communicate with the Restitution Program on their behalf / Ang pagtatalaga ng isang Victim Designate—Ang mga biktima ay may opsyon na magtalaga ng isang taong makikipag-usap sa Restitution Program sa kanilang ngalan:

I hereby authorize / Ako ay nagbibigay ng pahintulot kay LAST / APELYIDO _____, FIRST / PANGALAN _____

to act on my behalf for the purposes of involvement with the Restitution Program which includes personal information pertaining to me. / na kumilos sa aking ngalan para sa mga layunin ng paglahok sa Restitution Program kabilang ang personal na impormasyon na nauukol sa akin.

Contact Information for Victim (or Victim Designate) / Impormasyon para Makontak ang Biktima (o Victim Designate)

Name of Victim Designate (if applicable) / Pangalan ng Victim Designate (kung naaangkop): _____

Mailing Address (Apt., Street, PO Box) / Address na Padadalhan ng Sulat (Apt., Street, PO Box.): _____

City/Town, Province, Postal Code / City / Town, Province, Postal Code: _____

Home phone / Telepono sa bahay: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Cell phone / Cell phone: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Email Address / Email Address: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Restitution Order Information / Impormasyon ukol sa Restitution Order

Court file number(s) / Court file number(s): _____ Court Location / Lokasyon ng Hukuman: _____

Offender Name / Pangalan ng Maysala: _____

Relationship to offender / Kaugnayan sa Maysala: _____

Victim Service Worker / Victim Service Worker

Victim Service Worker Name / Pangalan ng Victim Service Worker: _____ Program Name / Pangalan ng Programa: _____

Phone number / Numero ng telepono: _____ Email Address / Email Address: _____

Where possible, please include a copy of the Restitution Order when submitting this application. / Kung maaari, mangyaring isama ang isang kopya ng Restitution Order kapag magsusumite ng application.

By signing this form, I am applying to the Restitution Program for assistance in the facilitation of my restitution order and I confirm that I am the individual named on this form (or the parent/guardian/legal representative of the victim named on this form). Where applicable, I give permission to the Restitution Program to release information to the Victim Designate I have named above. / Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang naga-apply ako sa Restitution Program upang matulungan akong makolekta ang aking bayad-pinsala, at kinukumpirma ko na ako ang taong nakapangalan sa form ito (o ang magulang / tagapag-alaga / legal na kinatawan ng biktima na nakapangalan sa form na ito). Kung naaangkop, nagbibigay ako ng pahintulot sa Restitution Program na maglabas ng impormasyon sa Victim Designate na pinangalanan ko sa itaas.

Signed / Pirma: _____ Date / Petsa: _____

If you are an offender reading this, please complete the form as appropriate and provide the following information / Kung ikaw ang maysala na nagbabasa nito, mangyaring kumpletuhin nang naaangkop ang form at ibigay ang sumusunod na impormasyon:

Parole/Probation Officer Name / Pangalan ng Parole/Probation Officer: _____ PO Phone Number / Telepono ng PO: _____

PO Email (if known) / Email ng PO (kung alam): _____ Custody Location (if applicable) / Lokasyon ng Custody (kung naaangkop): _____

Collection Notice / Paunawa sa Pagkolekta ng Impormasyon

The collection of your personal information as part of the Restitution Program is authorized under section 26(c) of the Freedom of Information and Protection of Privacy Act for the sole purposes of facilitating restitution payments. If you have any questions about the collection of your personal information please contact: Restitution Program Manager, PO Box 5550 Station Terminal, Vancouver, BC V6B 1H1. / Ang pagkolekta ng iyong personal na impormasyon bilang bahagi ng Restitution Program ay may pahintulot sa ilalim ng seksyon 26 (c) ng Freedom of Information and Protection of Privacy Act para sa tanging layunin na mapadali ang pagsingil ng bayad-pinsala. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pagkolekta ng iyong personal na impormasyon, mangyaring kontakin: Restitution Program Manager, PO Box 5550 Station Terminal, Vancouver, BC V6B 1H1.

Please submit your completed application via mail, fax or email to /
Mangyaring isumite ang iyong nakumpletong application sa pamamagitan ng koreo, fax o email sa:

Restitution Program
PO Box 5550 Station Terminal
Vancouver, BC, V6B 1H1
Email: Restitution@gov.bc.ca
Fax: 604-660-5340